**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**December 3, 2020 (11:00 A.M. –11: 58 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Mula po dito sa Tagaytay City, magandang umaga Pilipinas; ngayon po ay Huwebes ng umaga. Talakayin po natin muli ang mga mahahalagang isyu at impormasyon tungkol sa ating laban kontra sa COVID-19. Samahan ninyo po kami ng iba't ibang kawani ng pamahalaan para sagutin ang ating mga katanungan. Ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lamang ay makakasama natin sa programa sina Usec. Benito Bengzon, Jr. ng Department of Tourism; si MMDA General Manager Jojo Garcia; kasama na rin po si Cagayan Governor Manuel Mamba.

Makakasama rin natin sa paghahatid ng ulat ang mga PTV correspondents mula po sa iba't ibang probinsiya at ang Philippine Broadcasting Service.

Samantala, para naman po sa inyong mga katanungan, maaari kayong mag-comment sa live streaming ng ating program sa PTV Facebook page.

Para po sa mga balita: Senator Bong Go dinipensahan po ang Pangulo ukol sa isyu ng red tagging sa Makabayan bloc. Para sa detalye ng balitang iyan, panoorin po natin ito:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Lubos pong naapektuhan ang industriya ng turismo sa ating bansa dahil sa COVID-19 kaya naman naging mabigat po ang responsibilidad ng Department of Tourism para masiguro ang unti-unting pagbangon ng turismo sa ating bansa, para talakayin ang mga ito, makakausap po natin si Undersecretary Benito Bengzon Jr., ng Department of Tourism. Good morning po, Usec.

**USEC. BENGZON:** Good morning Usec. Rocky; and to all your listeners, magandang umaga po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nandito po ako sa Tagaytay City, at nakikita naman po natin ang ating mga kababayan dito ay sumusunod po sa ipinatutupad ninyong safety and health standard para po labanan itong COVID-19.

Usec., unti-unti nga pong nagbubukas ang karamihan ng mga LGUs for local tourism nitong mga nakaraang buwan. Kumusta na po ba ang performance nito ayon sa inyong assessment?

**USEC. BENGZON:** Well, napakaganda po ng feedback na nakuha namin, Usec. Rocky, dito sa dahan-dahang pagbubukas ng ating mga local tourist destinations. Ito po ang instruction ni

Secretary Berna Romulo-Puyat na tulungan natin itong mga local destinations na magbukas nang dahan-dahan gaya ng binanggit ko para matulungan din itong mga tourism enterprises, mga tourism companies na nawalan ng revenue nitong nakaraang ilang buwan; at saka siyempre, kailangan din nating matulungan itong mga tourism workers na na-displace natin.

So good news po ito na nagbubukas na ang ating mga local destinations at good news din siyempre doon sa mga travelers 'no na matagal nang nakakulong sa bahay nila na gusto na ring makaikot 'no in a safe way. So ito po ang ano natin, ito ang magiging thrust natin in the next several months, to focus on domestic tourism.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., muli rin pong nakilala iyong Pilipinas sa buong mundo pagdating po talaga sa turismo, ano po, ngayon naman po ay bilang Best Diving Destination at ang Intramuros naman bilang Best Tourist Attraction. Mayroon pa bang iba? Gaano kalaking bagay po itong mga pagkilalang ito dito po sa sinasabi nating pagbangon ng turismo sa ating bansa? Kasi, Usec., alam naman po natin na talagang karamihan po ng employment ay nanggagaling din diyan sa turismo.

**USEC. BENGZON:** Magandang balita ito na nanalo tayo doon sa World Travel Awards 'no. Na-recognize na naman ang buong Pilipinas 'no as the Best Diving Destination in the World at saka iyong Intramuros 'no as the Best Tourist Attraction in the World.

Ang kagandahan kasi nito, kapag nanalo ka ng award 'no na binigay ng WTA ay talagang nakikilala nang husto ang Pilipinas. At siyempre kapag nakilala nang husto, maiengganyo ang mga foreign travelers na bumisita sa atin 'no kapag pinayagan na natin ang pagpasok nila.

Ang nakikita rin natin is that siyempre kapag nakilala iyong mga dive destinations natin, hopefully matutulungan din natin iyong mga dive establishments na nagsara. At ito iyong mga bagong development: Just a few weeks ago, pinayagan na rin natin ang dive operations 'no particularly dito sa Batangas. So again, isa rin itong hakbang na ginagawa namin para maibangon ang ating tourism industry

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., paano naman iyong sinasabi nating mahahalagang factors kaya patuloy pong kinikilala na ang Pilipinas sa buong mundo pagdating sa turismo? Ano pa po ba iyong mga strategies na dapat i-sustain para dito? Kasi po alam naman po natin na ito nga pong rekumendasyon ng ating mga local executives, bawal pa rin po iyong mga bata na lalabas. Eh napakahalaga rin po iyan na kapag iyong isinusulong natin iyong turismo, hindi pupuwedeng nawawala iyong mga bata na kasama ng mga magulang. So ano pa po ba iyong mga strategies na ginagawa ng Department of Tourism?

**USEC. BENGZON:** Well, napag-usapan itong pagbiyahe ng mga bata 'no kasi alam naman natin na kapag bumibiyahe ang pamilya siyempre mula doon sa bata hanggang doon sa matanda ay kailangan kasama. Kaya nga noong two months ago ay pinayagan na natin itong staycation 'no na walang age restrictions.

So ang ibig sabihin nito, kung nasa NCR ka, puwede kang mag-check in dito sa mga staycation hotels na na-identify namin. There are about 13 here in NCR, in the 4-star, 5-star category. At

ang pinakapakay natin dito is siyempre, unang-una, matulungan itong mga hotels na magkaroon ng income by providing, you know, opportunities for them to sell their rooms ‘no.

And doon naman sa panig ng mga pamilya, iyong mga… gaya ng binanggit ko, matagal nang nakakulong – cabin fever ika nga – eh puwede na silang mag-check in basta lang susunod sila doon sa mga minimum requirements. So kailangan mayroong negative test result, kailangan sumunod doon sa mga health and safety protocols ng hotel katulad ng maximum number of guests in a room. So ito iyong mga examples na ginagawa natin ‘no. In the case of Boracay, walang age restrictions iyan kasi nga gusto rin nating maengganyo iyong mga pamilya na bumiyahe.

Pero siguro ang babanggitin ko lang dito, Usec. Rocky, sa pagbubukas ng mga iba-ibang destinations, ang talagang pinakamahalaga dito is sundin natin iyong basic health and safety protocols.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tungkol naman dito sa local tourism nga, Usec., marami po iyong hindi makatuloy ng travels kasi iyong concern nila kailangan po iyong swab test na alam naman natin na medyo may kamahalan. Kaya nais nila na… iyong mas magiging affordable para po sa ating mga kababayan. So, ano po iyong plano ng inyong kagawaran dito; at ano po ba iyong parang rekumendasyon ninyo na posibleng puwedeng ibaba na presyo ng RT-PCR testing?

**USEC. BENGZON:** Well, sa pakiki-ugnayan namin sa mga hotels, sa mga travel agents, tour operators at saka doon sa mga travelers mismo ‘no na nakita namin na talagang malaking factor, kung minsan deterrent itong cost ng testing. Kaya nga natutuwa kami at naglabas ang Pangulo ng Executive Order just last week which calls for a price cap.

Doon sa panig naman ng DOT, tinitingnan namin kung papaano masa-subsidize partly itong cost of RT-PCR. We will work this out with government agency, to the PGH para lang maibaba natin iyong cost ng testing.

Pero ang kailangan din sigurong banggitin diyan is iyong COVID kasi nandiyan pa eh, hindi pa iyan nawawala, so kailangan talagang siguraduhin natin na cleared lahat ng mga travelers bago sila pumasok sa isang destination para sa proteksiyon hindi lamang ng travelers but more so, protection ng mga travelers doon sa destination at saka ng mga host communities.

So, siguro ito iyong mga adjustments na kailangan din nating tandaan, well, under the current situation.

**USEC. IGNACIO:** Usec., naaprubahan na nga po itong resolution para payagan naman iyong mga balikbayan na pumasok ng bansa simula po ngayong December. Sino po ba iyong papayagan at ano po iyong proseso na kanilang pagdadaanan? Mayroon po ba kayong estimate ng posibleng mga balikbayang sasalubungin ng bansa ngayon?

**USEC. BENGZON:** Well, good news po itong recent decision ng IATF na payagan itong mga balikbayans. Ang tinutukoy dito specifically are iyong mga former Filipinos who are now

holding US passports. So, kung manggagaling ka doon sa mga bansang hindi naman restricted eh puwede ka ng pumasok dito sa bansa starting December 7.

So, ano iyong mga requirements? Kailangan lang mayroon kang pre-arranged booking in a quarantine hotel, quarantine facility, tapos kailangan mayroon ka ring pre-arranged na swab test upon arrival here in the Philippines.

So, doon sa tanong lang na kung ano ang estimate namin, mahirap magbigay ng numbers ngayon kasi kumporme rin doon sa magiging number of flights na iu-offer ng ating mga airlines but definitely this is good news dahil maraming mga balikbayan ay talagang matagal nang naghihintay na makapiling iyong kanilang mga mahal sa buhay at alam naman natin pagdating ng Pasko talagang dagsaan ang ating kababayan mga from different parts of the world.

So, hopefully we will be able to keep the protocols in place to make sure na iyong pagpasok nila dito is compliant with the health and safety guidelines.

**USEC. IGNACIO:** Usec., noon pong Oktubre ipinahayag po ninyo itong pagkadismaya po ninyo ukol dito sa social gathering ng mga turista na naganap ho sa Boracay. Paano ninyo po ngayon masisiguro na hindi na po ito mauulit bilang pag-iingat po sa COVID-19?

**USEC. BENGZON:** Well, pinulong na po ni Secretary Puyat iyong mga local authorities kahapon sa Boracay at naglabas na kami ng reminder dito sa mga nag-violate ng protocols. So, napakahalaga talaga dito na makuha natin iyong cooperation ng mga local executives at saka siyempre iyong mga turista para hindi na maulit ito.

**USEC. IGNACIO:** Usec., para makahikayat po tayo na marami pang muling mag-travel nang ligtas, ni-launch po ninyo itong tinatawag na "Motourismo." Ano po ba ito at paano po ito makakatulong na talagang makabangon ang ating tourism industry?

**USEC. BENGZON:** Well, ito pong 'Motourismo' is a very good concept kasi unang-una, it's an outdoor activity, so wala iyong pangamba na nandoon ka sa isang kulob na lugar. So, it's outdoor, maganda ang ventilation, so ano siya, it's really one of the activities that we are pushing for under the new normal.

Iyong pangalawa, dahil doon sa mobility ng mga nakasakay sa motorsiklo, madali silang mag-ikot at mapasyalan itong iba-iba nating mga tourist attractions, of course, while following health and safety protocol.

So, it will be very beneficial to the local government units that want to promote their respective destinations kasi mas madali silang mapuntahan and hopefully iyong mga nag-iikot eh puwede ring maikuwento through the different social media platform.

But the idea here essentially is to push for domestic tourism by stimulating iyong movement around these areas via motorcycle.

**USEC. IGNACIO:** Usec., nitong Martes lamang po nagbukas na rin po iyong Coron, Palawan sa turismo. Ano po iyong guidance na pinu-provide po ng inyong ahensiya para masiguro na ligtas po iyong pagbubukas ng turismo sa kanilang lugar?

**USEC. BENGZON:** Good news po ito na nagbukas iyong Coron noong December 1, and just like in the other destinations kailangan mayroon tayong mga health and safety guidelines. Siguro babanggitin ko kasi, Usec. Rocky, madalas kaming tanungin "Ano na ba iyong mga destinations na nagbukas at saka ano ba iyong mga guidelines?"

Iyong mga gustong mag-inquire, puwede silang pumasyal dito sa website: philippines.travel/safetrips. Pagpasok po ninyo dito sa site na ito, it will lead you to a section that talks about iyong featured destinations. Iyong mga featured destinations ito iyong mga nagbukas na – Bohol, Boracay, Ilocos Sur, Ilocos Norte – nakalista na rin iyong mga requirements.

Ang pinaka-fundamental diyan in all the destinations that have opened is kailangan mayroon kang negative test result ng RT-PCR, nagbabago na lang iyong time frame. Iyong iba, 48 hours before travel, iyong iba 72 hours before travel. Basic requirement din iyong pag-fill-up ng health declaration form of course through digital means or digital platform at saka kailangan mayroon kang confirmed booking in a DOT-accredited accommodation establishments.

So, ito iyong mga basic requirements that we see in the destinations, in all the destinations that have opened. Iyon nga siguro (choppy audio) travelers na sundin lang itong mga requirements na ito. Magkakaroon ng kaunting adjustment but like we always say, ito iyong mga adjustments na kailangan nating gawin under the current situation.

**USEC. IGNACIO:** Usec., marami pa rin pong mga tourism workers ang apektado ng pandemya na katulad nga ng sinabi mo hanggang ngayon. Ano po ba iyong mga programang ginagawa ninyo para naman po makatulong sa kanila?

**USEC. BENGZON:** Well, Usec. Rocky, natutuwa naman kami sa suporta ng Senado at saka siyempre ng House of Representatives, naipasa natin itong Bayanihan 2 kung saan mayroon tayong nailaan na P3-billion para matulungan itong mga tourism workers na mga na-displace, nawalan ng trabaho.

So, mayroon kaming programa, it's a financial assistance program of the Department of Tourism and the Department of Labor and Employment. So, P3-billion po iyan, ang nailaan natin. And doon sa mga apektado puwede po silang pumunta lamang sa pinakamalapit na DOT Regional Office.

Bukod dito, mayroon din tayong na-allocate na P100-Million para matulungan naman iyong community at saka regional tour guides. Marami rin sa kanila naapektuhan at mayroon tayong nailaan na pondo para matulungan sila.

Doon naman sa ano, babanggitin ko na rin, doon sa mga tourism enterprises, tourism companies, mayroon tayong P6-billion, again under Bayanihan 2, for working capital loans. This will be administered by the Small Business Corporation ng Department of Trade and Industry. So, doon

sa mga kumpanya na naapektuhan, nagsara or nag-slowdown ng operations, puwede po tayong mag-apply for working capital loans dito sa Small Business Corporation.

**USEC. IGNACIO:** Usec., ito alam ko medyo mahirap din para sagutin ninyo pero iyong projection ninyo lang po, kailan sa tingin ninyo na dapat magbukas muli ang bansa sa lahat naman po ng foreign tourists at ano po ang plano ninyo ukol dito kung sakali?

**USEC. BENGZON:** Well, iyong pagbubukas ng ating borders to international tourists ipapaubaya natin sa Inter-Agency Task Force pero sa panig naman ng DOT, ang ginagawa namin overseas, tuluy-tuloy pa rin iyong ano natin, calibrated marketing and promotions, para iyong consciousness, iyong awareness hindi nawawala para pagdating ng panahon na bukas na ang ating mga borders, mas madali nating maengganyo itong mga foreign tourists.

On the local side naman, we're working on product development kasi kailangan mag-develop tayo ng mga bagong produkto na angkop sa requirements ng mga travelers under the new normal. So, makikita natin there will be greater preference for low density, high-value activities. Mas marami iyong mga outdoor kinds of tours at maganda naman because this will work to our advantage kasi marami tayong mga nature-based assets na puwede nating i-package at i-promote, well, initially to domestic tourists and eventually to our foreign visitors.

**USEC. IGNACIO:** Nagkaroon din po cluster consultation with tourism stakeholders para sa National Tourism Development Plan, may mga major changes ba na ia-apply dito, Usec.?

**DOT USEC. BENGZON:** Ang isa sa mga… siguro shifts 'no na makikita natin is there will be a focus on—well number one, siyempre domestic tourism 'no at saka pangalawa is iyong product development.

Itong sa domestic tourism kasi, ang hindi alam ng karamihan mas malaki actually ang nakukuha nating revenue from domestic tourism. In 2019 ang total revenue natin for tourism nasa 3.6 trillion pesos. Out of this amount, ang maa-attribute natin sa domestic tourism nasa 3.1 trillion, So kulang-kulang mga 85% ng total tourism revenue natin nanggagaling sa domestic tourism.

So we're also confident na mapapabilis ang recovery ng ating industriya kung matutulungan natin itong mga local enterprises natin, kaya nga 'pag nagbukas iyong mga destinations ay talagang hinihikayat natin iyong mga travelers na pumasyal doon at tulungan makabangon iyong mga tourism enterprises.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec., kunin ko na lang iyong mensahe ninyo sa ating publiko at saka sa mga taong sabik na talaga na makapamasyal.

**DOT USEC. BENGZON:** Siguro Usec. Rocky dalawang bagay lang: Unang-una, ang lagi ngang binabanggit ni Secretary Puyat, ang pinakamahalaga talaga diyan is iyong health and safety. Kailangan talaga sundin natin iyong mga guidelines 'no whether you're in a hotel, whether you're on a bus 'no, whether you're in a restaurant kailangan sundin natin itong health and safety guidelines para makatulong din tayo na ma-contain iyong situation.

Iyong pangalawang babanggitin ko, siguro is on the part naman of the travelers. Siguro kailangan lang talaga nating alalahanin na magkakaroon tayo ng adjustment under the new normal. Kaya napakahalaga rin iyong 'andiyan iyong cooperation, iyong disiplina na nakasanayan natin itong nakaraang walong buwan/siyam na buwan; at saka siguro iyong huling babanggitin ko kailangan din iyong patience noong mga travelers 'no, because these are different situations and definitely kailangan ng cooperation ng lahat.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Usec. Benito Bengzon ng Department of Tourism.

**DOT USEC. BENGZON:** Maraming salamat, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, Pangulong Duterte binigyan ng otoridad ang FDA na mag-issue ng Emergency Use Authorization para sa COVID-19 vaccine; Senator Bong Go ipinahayag ang pagsang-ayon sa nasabing hakbang. Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

Samantala, update naman tayo sa kalagayan ng ating mga kababayan sa Cagayan Valley na apektado pa rin ng Bagyong Ulysses at kasunod po silang nakararanas nang masamang panahon dulot naman po ng low pressure area sa bansa, para diyan makakausap po natin si Cagayan Governor Manuel Mamba. Good morning po, Governor.

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Good morning Usec. Rocky at good morning po sa lahat ng nakikinig sa ating programa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, saglit lang kayong nakahinga-hinga pero ngayon po kumusta na po ang sitwasyon ng ating mga kababayan ngayon diyan sa Cagayan?

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Well, so far po for the last two days, two days and a half ay mabuti naman po ang weather pero may mga evacuees pa kami dito sa Tuguegarao 'no at hindi pa makauwi sa mga bahay nila dahil nga po medyo baha pa ang mga bahay nila. Pero these are localized na baha na po, localized na baha na, hindi pa lumalabas iyong tubig pero so far sa buong probinsiya po nakauwi na ho iyong mga tao sa bahay-bahay nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, ano po iyong naging dahilan naman ng pagbaha ngayon dito sa mga sinasabi ninyo pong naapektuhang lugar?

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Well ito po siguro was the wrong developmental plan din po ng Tuguegarao City 'no. Unang-una po, iyong mga waterways kasi ay gumawa sila ng mga bahay-bahay doon 'no, pati iyong mga low cost housing nilagay nila doon so hindi na po lumalabas iyong tubig at saka wala namang maiging drainage sila.

So this has become a problem po na ma-trap, mata-trap na mga kuwan, na mga local… parang water impounding na po. So ito po'y nagiging problema ng Tuguegarao ngayon, perennial na

problem po ito na kailangan talaga makita rin iyong mga drainage at iyong development ng mismong kuwan, ito po iyong mga wrong na nangyari in the past administrations po ‘no.

Dapat iyong mga waterways ay ginawa nilang kuwan po, human settlements itong mga ito which is wrong po talaga. So I think iyon nga ang sinabi ni Secretary Cimatu noon na kailangan tignan itong mga ito at gumawa ng masterplan talaga and land use plan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, nakataas nga po iyong sinasabing red alert o nasa red alert status ang probinsya dahil po sa nararanasang northeast monsoon ng North Luzon. Alam naman po natin sa mga ganitong buwan ay talaga naman pong nagsusunud-sunod din ang pasok ng sama ng panahon at alam po natin na talagang palagian ang pag-ulan. So, ano po ang paghahandang ginagawa ninyo?

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Well as usual po ‘no parang last year din po, kasi 3 months din na ganito iyong nangyayari sa amin, nagri-rest lang po ngayon pero naka-preposition po iyong mga tao. In fact iyong mga asset po natin dito nandito pa rin sa provincial, iyong mga air assets po natin ng Air Force nandito pa iyong dalawang helicopter nila at welcome naman po sa amin ito para anytime kung may mga kailangang ma-rescue or kailangan pa rin ng cooperation ‘pag lumaki na naman iyong tubig ‘no.

At talagang kuwan po, sanay na rin iyong tao ‘no sa mga ganitong mga panahon at sanay na rin iyong mga rescue teams po namin na on call po lahat itong mga ‘to. Sa mga prepositioning ng mga assets po ng mga PDRRMO, NDRRMO ‘no, ganoon din po iyong city at mga kapulisan at mga Armed Forces of the Philippines po ay talagang katuwang din po namin sila anytime. At [garbled] ‘no, nagkakaroon din po kami ng mga regular briefings with them already basta ganitong mga panahon po. So in a way, talagang handa naman po ‘pagka—nagkaroon ng masamang weather na naman dito sa amin.

**USEC. IGNACIO:** Governor, ang alam din namin, iyong evacuation center ninyo lagi din on standby. So, sa tingin po ba ninyo kailangan pa rin kayong magdagdag ng mga evacuation center, para po tiyakin na talagang itong mga kababayan natin ay may pupuntahan kung sakali po naman na magkaroon na naman ng malaking pagbaha.

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Tama po iyon, we have to construct po. Kailangan din talaga iyong long term and medium term plan on the construction of evacuation centers po na evacuation center na nasa tamang lugar. Kasi some of our evacuation centers hindi naman po nagamit noong lumaki ng lumaki iyong mga tubig. So kailangan talagang pipiliin kong saan ilalagay itong mga ito.

At saka ang mga LGU din po, siguro, it’s now time na they should also, mag-identify na rin po ng mga relocation sites, kasi perennial po na nagkakaroon kami ng forced evacuation, preemptive evacuation in areas na talagang palaging inaabot pa rin po ng mga tubig. At habang hindi po nabibigyan ito ng permanenteng solusyon, I think it’s time, lahat po kasi ng mga human settlements dito sa amin ay along the river, dahil diyan pa iyong pinaka-highway namin doon.

Of course, our national road din po is parallel din po sa river, kaya kapag lumaki at silted na iyong ating river, talagang hindi mo na rin po ma-access at lalung-lalo na kami din po ang catch basin ng buong rehiyon. Kaya matindi na tulong ang kailangan namin. And I am very, very thankful that the national government nakikita nila ito. In fact the other day po, nagkaroon kami ng mga zoom meeting with our national officials ‘no, si Executive Secretary, si Senator Bong Go, si Secretary Cimatu, Secretary Tugade, Secretary Mark Villar, Secretary Avisado.

At may I also take this opportunity Usec ‘no, first time ito, first time na nangyayari dito sa Pilipinas at sa amin, matagal na rin po ako sa pulitika, first time binababaan ng ating Presidente ng financial assistance ang towns, cities and the province. Instead na, kasi dati-rati po, may mga assistance pero it is coursed through the national agencies, ngayon ang ating Presidente mismo ang nagbigay ng financial assistance sa province, dito sa Region ll, all provinces in the Region ll, ganiyan din po iyong mga towns na affected po. And I am very, very thankful na nandito na po, anytime siguro dadating na. This was announced to us by Secretary Avisado, the other day lang po, nagkaroon kami ng zoom meeting with them. And this is very innovative and very responsive po sa pangangailangan dito sa amin.

Of course, we still need iyong national agencies to implement iyong mas malalaking project, but iyong immediate na puwede naming gawin, out of these funds ay maa-address din po ng pondo. Kasi towards the end talagang paubos na rin po iyong mga pondo namin, lalung-lalo na at may COVID tayo. At kaagad-agad naman na rumesponde ang ating President nagbigay po ng financial assistance sa mga towns, city and the provinces po ng Region II. And thank you so much President Duterte.

**USEC. IGNACIO:** Governor, ang Laging Handa Program po ay palagian pong mangungumusta sa inyong kalagayan diyan at sa ating mga kababayan sa inyong lalawigan. Ano na lamang po ang mensahe ninyo sa ating mga kababayan diyan sa Cagayan?

**CAGAYAN GOV. MAMBA:** Unang-una po nagpapasalamat po ako sa lahat ng tumulong sa amin. The national government was always been with us in all out disasters, ganoon din po iyong mga kapit-regions and kapit-towns and kapit-provinces namin palagi pong tumutulong. The private sector and of course our first responders, lalung-lalo na ang PNP, AFP, BFP. Sobra-sobrang tulong po at kahit kailan po hindi naman po silang nagsasawang tumutulong sa amin kahit na regularly na mangyayari sa amin ito. And of course iyong Build Back Better, iyong task force Build Back Better na siya na ngayon ang nagpaplano po. It gives us hope na there will be medium and long term plans para maibsan naman po itong flooding na nangyayari dito sa Cagayan regularly, almost every year.

At sa mga tao po, huwag po tayong mawalan ng pag-asa, tulung-tulong lang po tayo. Sa tingin ko we could go through this lalung-lalo na po nakikita natin naman iyong tulong mismo ng national government sa atin. Furthermore, kapag maumpisahan po itong dredging ng ating Cagayan River, it will open some international markets sa atin, because we will be opening our port of Aparri again, kapag na-dredge natin ang Cagayan River and we will be connected again sa ating mga neighbors up north na napakayayaman na bansa ano.

So ako ay nagpapasalamat po to the national government gave, nagbigay po ng talagang premium, importance sa mga problema ng ating budget dito at the same time pinapakita rin sa amin, the future of our province being connected to the, itong mga pinakamayayamang bansa sa north of our country. Usec, thank you so much. God bless po.

**USEC. IGNACIO:** Okay, maraming salamat din po, Cagayan Governor Manuel Mamba.

Samantala mga biktima po ng bagyo sa Bulacan personal naman pong binisita at binigyang tulong ni Senator Bong go at iba pang ahensiya ng pamahalaan. Ang detalye narito po.

(NEWS REPORTING)

Dumako po muna tayo sa update kaugnay sa COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa tala ng Department of Health, as of December 2, 2020. Umabot na po sa 434,357 ang total number of confirmed cases, naitala ang 1,438 new COVID-19 cases kahapon. 18 katao naman po ang bagong bilang ng mga nasawi, kaya umabot na sa 8,436 cases ang kabuuang bilang ng COVID-19 deaths sa ating bansa. Ngunit patuloy rin naman po ang pagdami ng mga nakaka-recover na umakyat na sa 399,005 with 232 new recoveries recorded as of yesterday. Ang kabuuang total ng ating active cases ay 26, 916.

Patuloy po tayong magtulungan na masugpo ang COVID-19 sa pamamagitan po ng pagsasailalim sa COVID-19 test kung kinakailangan at siyempre katuwang pa rin dito ang Philippine Red Cross. Kung nais po ninyong magpa-swab test sa Red Cross, narito po ang mga hakbang na dapat ninyong gawin:

(VTR)

**USEC. IGNACIO:** Samantala, para alamin naman ang updates ukol sa kasalukuyang sitwasyon ng mga daan at trapiko ngayon sa Metro Manila, makakausap po natin si MMDA General Manager Jojo Garcia. Good morning po, GM?

**MMDA GM GARCIA:** Good morning, USec. Rocky. Good morning rin po kay Secretary Martin po at sa lahat ng mga nagmo-monitor po sa inyo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Alam ko po kanina, may breaking news kayo, katulad ng nababanggit na nga po ninyo na kagustuhan ng Metro Manila Mayors na talagang iyong mga minor o mga bata huwag na muna pong lumabas. So, papaano po ang magiging koordinasyon ng ating mga local chief executive dito po sa PNP at sa DILG kaugnay dito?

**MMDA GM GARCIA:** Opo. Kasi alam naman natin na ang enforcement nasa LGUs iyan. Ang maganda lang po, nagpapasalamat kami kay Secretary Año sa suporta niya, sa desisyon ng ating mga Mayors. Kaya katulong din po ang mga PNP diyan sa pagsita dito sa ating minimum health requirement. At ito namang naging desisyon ng ating LGUs ay base po sa opinion ng mga experts po, ang Philippine Pediatric Society sa pamumuno po ni Dra. Eusebio.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa mga mall po ito, sa lahat ng business establishment o mga establisyimento ano po. So ano naman po iyong magiging konsiderasyon nitong ating mga economic managers, kasi sinasabi po ito po bang rekomendasyon ng ating Metro Manila Mayors ay gusto po nila ay buong December na po ba o hanggang next year na po ito?

**MMDA GM GARCIA:** As long as naka-GCQ po tayo, iyon po ang stand natin, ng ating mga Mayors at nakausap ko rin po si Secretary Año, Secretary Lopez at Secretary Duque at alam naman po natin may mga exemptions naman diyan, doon sa 65 up and below 18 kapag ang lakad po nila essential.

For example po ang minor, magpapa-check-up alam naman natin iyong mga malls natin, may mga clinic sa loob iyan, may mga dental clinic, ia-allow naman po iyan. Kumbaga ang responsibilidad po talaga niyan ay sa ating mga kababayan, sa mga magulang po, hindi po naman siguro gusto nilang ilagay sa kapahamakan o sa risk ang kanilang mga anak. So, talagang kung ano po ang kailangang gawin na importante at essential po, pinapayagan naman po iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maiba naman po ako GM. Isa pa ring usapin ito na pangungumusta po ng sitwasyon naman ng trapiko sa Metro Manila ngayong pagpasok po ng Disyembre. Alam naman po natin na talagang nakakaramdam na po tayo ng mabigat na daloy ng trapiko.

**MMDA GM GARCIA:** Tama po iyan. Kung makikita natin iyong volume talaga ng sasakyan ngayon dumadami na, ang mga lumalabas. Pero kung iku-compare po talaga natin iyan last year, the same date at before COVID, mas masikip po ang trapiko last year.

Last year po ang average natin nasa 7 to 9 kilometers per hour lang, pero ngayon po nasa 25 to 30 kilometers, time three po ang binilis niyan. Siguro nakikita lang ng tao tuwing rush hour po, talagang iyong umaga at hapon sobra ang volume; unlike before wala na pong rush hour sa EDSA tuluy-tuloy ang traffic. Pero ngayon po may mga patay na oras, 11, 12 or 1 P.M., maluwag naman po at tumatakbo ‘no.

Naku-compare lang talaga ng mga private motorists ang pagbagal talaga, kasi nga nakikita nila iyong ating bus way na tuluy-tuloy. At iyan naman po talaga ang pinahalagahan natin, ng DOTr and the DPWH na bigyan ng prayoridad iyong ating mga commuters, sila po ang mas nakakarami.

Kung makikita po natin ngayon, ang biyahe po ng commuters natin from Monumento to Ayala nasa 45 minutes lang; dati po more than three hours iyan.

At ang importante po rito kaya natin pinabibilis ang mga commuters, dahil iyong mga bus po maraming sakay iyan. Siyempre prone pa rin sa infection, sa COVID na may pandemya pa po tayo, hindi pa normal situation, mas mabilis po ang biyahe nila, mas safe po iyan o hindi masyadong magtatagal na nakakulong sa sasakyan.

Iyong atin namang mga private motorists, usually kasama niyan kasama sa bahay or kakilala, na mas safe, mas kampante sila. Kaya talagang binibigyan natin ng priority iyong mga commuters na mas nakakarami.

**USEC. IGNACIO:** GM, may pahabol lang pong tanong si Joseph Morong. I hope naririnig ninyo pa ako GM. Ang tanong niya dito ano na daw po ang final decision ng MCC and IATF, bawal ang minors na gumala 18 below, bawal din ba sila sa Simbang Gabi?

**MMDA GM GARCIA:** Yes, definitely po. Bawal din po sa Simbang Gabi. Pero ang good news naman po, sa Simbang Gabi ay ini-adjust na po natin iyong curfew ng 12 AM to 3:00 AM na lang para bigyan daan iyong Simbang Gabi ng 3 AM 'no. Alam naman po natin ang capacity ng simbahan is 30% lang, so mas madaming mass, misa po, mas madaming maseserbisyuhan 'no na mga churchgoers.

So 3:00 AM po puwede na pong mag-start ng Simbang Gabi, pero bawal pa rin po ang minor.

**USEC. IGNACIO:** GM, kasi nararamdaman nga po iyong trapiko, iyong mabigat na daloy ng trapiko. Next year ninyo pa po ba ninyo balak ibalik iyong number coding scheme, kailan po ninyo ito balak i-discuss with Metro Manila Mayors. Ano po iyong mga factors na kailangan i-consider ukol dito?

**MMDA GM GARCIA:** Okay, number one po, alam po naman talaga natin hindi pa ganoon ka-stable iyong ating public transportation, hindi pa full capacity because of physical distancing. Kaya talagang hindi muna natin pinapatupad ang number coding.

Pangalawa po, alam naman natin kapag tayo ay nag-number coding na, eh napakarami ng hihingi ng exemptions - mga medical frontliners, mga medical workers, mga essential workers na takot din na sumakay ng public transportation. Kaya hangga't hindi pa po normal ang ating situation, sinuspend po muna natin iyan para at least iyong ating mga kababayan po na iisa ang sasakyan ay may nagagamit po sa pagbiyahe.

**USEC. IGNACIO:** GM, kunin ko na lamang po iyong mensahe ninyo sa ating publiko?

**MMDA GM GARCIA:** Ang mensahe lang po natin, of course Christmas season ngayon, sabi nga ng mga mayors natin, iyong mga commercial establishments restaurants madaling i-monitor iyan, kasi kapag nag-violate sila, puwede nating ipasara o ipasuspinde ang kanilang business license. Ang kailangan pong tutukan natin iyong mga household na, iyong mga mass gathering na sana po maiwasan natin lalung-lalo na sa NCR. Sa iba pong bayan puwede po, ang probinsiya, dahil MGCQ sila, kontrolado nila ang numero nila, pero dito po sa NCR, kung kaya ninyong mag-celebrate ng kayo-kayo na lang po ng nasa bahay po, huwag na kayong mag-imbita ng ibang taga-barangay o taga ibang siyudad, talagang sama-sama lang po kayo, mas safe po iyan. We are expecting kasi by January mahaba-haba ang Christmas season natin, baka magkaroon ng surge ng positive cases, hopefully manageable. Kaya talagang kailangan tutukan po talaga natin iyong mga household at mga private subdivision na hindi natin namo-monitor.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong panahon, GM Jojo Garcia ng MMDA.

**MMDA GM GARCIA:** Maraming salamat po, Usec. Rocky. Stay safe po everyone. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, sa puntong ito dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula po sa iba’t ibang lalawigan sa bansa. Makakasama natin si Czarina Lusuegro-Lim mula po sa Philippine Broadcasting Service.

(NEWS REPORTING)

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarina Lusuegro-Lim mula sa Philippine Broadcasting Service. Puntahan naman natin si Jorton Campana mula sa Cordillera.

(NEWS REPORTING)

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo Jorton Campana.

At iyan nga po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw. Maraming salamat po sa mga naglaan ng kani-kanilang oras. Ang public briefing po ay hatid sa inyo ng iba’t ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office at sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP. Asahan po ninyo ang aming patuloy na pagbibigay ng impormasyon sa COVID-19.

Maraming salamat din po sa Filipino sing Language Access Team for COVID-19. Samantala, 22 days na lamang po at Pasko na. Bagama’t patuloy pa rin po ang pagharap natin sa krisis na dulot po ng COVID-19, tuloy lang po ang ating pagtutulungan at pagmamahal sa kapwa dahil iyan naman po ang tunay na diwa ng Pasko. Mula po sa Presidential Communications Operations Office at sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayo muli bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)